


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**



*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

**6**

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 1: Pagsilang ng Ikatlong Republika



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vivien Mae L. Gabas
Charmaine Fe R. Fiel
**Editor:** Lujizzl Jane S. Dela Pena
**Tagasuri:** Ryan G. Tulod
Jeneliza C. Panes
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Alma L. Carbonilla
**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan




## Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagsilang ng Ikatlong Republika.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nasusuri ang mga pangunahing suliranin at hamong kinakaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972 (AP6SHK-IIIa-b-1)
- Masusuri ang pagsilang ng Ikatlong Republika.



## Balikan

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot mula sa kahon at isulat ito sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| HUKBALAHAP | Gerilya | Kempeitai |
| MAKAPILI | Mickey Mouse | SEATO |

1. Ang mga pulis-militar ng mga Hapones na siyang humuhuli sa mga Pilipinong lumalaban sa mga Hapones ____________________.

2. Tawag sa mga miyembro ng USAFFE at sibilyang namundok upang makibaka para sa kalayaan laban sa mga Hapones ________________________.

3. Taguri sa mga Pilipinong pumanig sa mga Hapones at siyang nagtuturo sa mga Pilipinong lumalaban sa mga Hapones _____________________.

4. Ano ang tawag sa perang Hapones na walang limitasyong inimprenta sa bansa ________________.

5. Kilusang gerilya sa gitnang Luzon na pinamumunuan ni Luis Taruc __________________

| Aralin 1 | Pagsilang ng Ikatlong Republika |
|---|---|



## Tuklasin

### Ang Pagsilang ng Ikatlong Republika

Ang pamahalaang Komonwelt ng Pilipinas ay patuloy na kumilos sa Washington, USA kahit napasailalim ang bansa sa kapangyarihan ng mga Hapones. Si Quezon ay nanungkulan bilang pangulo ng Komonwelt hanggang sa siya ay mamatay. Humalili sa kanya ang pangalawang Pangulong si Sergio Osmeña.

Tinupad ng Estados Unidos ang pangako nitong pagkakaloob ng kasarinlan sa Pilipinas tulad ng itinatadhana sa Batas Tydings-McDuffie. Nang mamatay si Franklin D. Roosevelt noong ika-12 ng Abril, 1945 ay humalili sa kanya ang pangalawang pangulong si Harry S. Truman. Ipinagpatuloy ni Truman ang mga programa ni Roosevelt para sa Pilipinas, partikular na ang pagkakaloob ng

kalayaan sa Pilipinas sa ika-4 ng Hulyo 1946, gaya ng ipinangako ng Estados Unidos. Kaugnay nito ay ipinahayag din ni Truman ang pangako ng Amerika na tutulungan ang bansa sa pagbangon nito pagkatapos ng matinding dagok na dinanas sa nagdaang digmaang pandaigdig. Kaya naman, noong Hulyo 4, 1946 ay ipinahayag ni Harry S. Truman ang kasarinlan ng Pilipinas. Ganap nang inalis ang Pilipinas sa kapangyarihan ng mga Amerikano at tuluyan nang nagsarili ang Pilipinas bilang isang republikang umangkin ng ganap na soberanya bilang estado. At bilang tanda ng pagpapahayag sa kasarinlan ng Pilipinas ay binasa ni Paul V. McNutt, Komisyonado ng Amerika ang pahayag ni Truman na nagsabing:

*". . . the United States of America hereby withdraws and surrenders all rights of possession, supervision, jurisdiction, control of sovereignty now existing and exercised by the united States of America in and over the territory and people of the Philippines and on behalf of the Unites States of America, I do hereby recognize the independence of the Philippines as a separate and self-governing nation and acknowledge the authority and control over the same of the Government instituted by the people thereof under the constitution now in force. . .*

Pagkatapos nito ay ibinaba ang bandilang Amerikano at itinaas ang bandilang Pilipino bilang tanda ng pagwawakas ng kapangyarihan ng Estados Unidos sa Pilipinas at ang pagsisimula naman ng Pilipinas bilang isang ganap na estado na ngayo'y kabilang na sa mga bansang malaya at nagsasarili.

**Panahon ng Ikatlong Republika (1946-1972)**

Nang lumaya ang Pilipinas mula sa Amerikano noong Hulyo 4, 1946 patuloy pa ring umasa ang Pilipinas sa tulong ng mga Amerikano. Ang ugnayang panlabas ay pinamahalaan ng *Department of Foreign Affairs* (DFA). Pinagtibay ang Batas Pangkalakalan at nagkaroon ng 28 taong malayang kalakalan ang Pilipinas at United States. Sa panahon ni Pangulong Quirino nakipag-ugnayan ang bansa, bukod sa United States, sa Spain, Argentina, Taiwan, Thailand, Pakistan, Indonesia, at Korea. Nagpadala ng misyon sa Japan, Indonesia, Laos, Vietnam, at Cambodia. Nahalal na *Secretary General* ng *United Nations* si Carlos P. Romulo noong 1949.

Sa panahon ni Ramon Magsaysay noong 1953, pinag-aralan ang ugnayan ng Pilipinas at United States. Sina Jose P. Laurel at James Langley ang naghanda ng kasunduan sa pagitan ng Pilipinas at United States. Noong Disyembre 15, 1954, ibinalik ng mga Amerikano ang titulo ng pagmamay-ari sa mga 199,570 ektaryang saklaw ng base militar. Hindi kinilala ng Magsaysay ang mga bansang komunista.

Pinairal naman ang patakarang "Asia para sa mga Asyano" nang itinatag ang *South East Asia Treaty Orgnization* (SEATO) noong 1954.

Naging isyu ang mga base militar ng mga Amerikano noong panahon ng panunungkulan ni Carlos P. Garcia dahil sa di pagtataas ng bandilang Pilipino sa mga base, ang pagkakaroon ng mga armas na *nuclear* dito, at ang di –pantay na paggawad ng katarungan sa loob ng mga base militar ng mga Amerikano.

Mula 1961 hanggang 1965, si Diosdado Macapagal ang pangulo ng bansa. Pinalawak niya ang pakikipag-ugnayan sa mga bansang Asyano . Noong Hunyo 1961 itinatag sa Bangkok, Thailand ang *Association of South East Asian Nations* (ASEAN) na ang layunin ay pagtutulongang pangkabuhayan at pangkultura ng mga bansang kaanib. Itinatag din ang MAPHILINDO ng Malaysia, Philippines, at Indonesia noong 1963. Sa panunungkulan ni Macapagal nagsimula ang pang-aangkin ng bansa sa Sabah na pinaniniwalaang pag-aari ng Sultan ng Sulu. Diumano noong 1878, pinaupahan ito sa mga British na mananakop ng Malaysia.

Nang nahalal na pangulo ng Pilipinas noong 1965 si Ferdinand Marcos, binuksan niya ang relasyong diplomatiko ng bansa sa mga bansang sosyalista, Arabe, maunlad, at papaunlad. Nakipag-ugnayan ang Pilipinas sa *People's Republic of China* at nakipagsundo rin para sa relasyong- pakikipagkalakalan. Noong 1976 nakipag-ugnayang diplomatiko sa *Soviet Union* ang bansa ay nagkasundo sa larangan ng sining at kalakalan. Nagkaroon din ng kaugnayan ang bansa sa Silangang Germany, Hungary, Poland, Bulgaria, Yugoslavia, Czechoslovskia at Romania.

Bunga ng iba't ibang suliranin at kaguluhang dulot ng pagtuligsa ng maraming grupo laban sa pamahalaan ay nagdeklara ng Batas Militar ang Pangulong Marcos sa bisa ng Proklamasyon Bilang 1081. Dahil dito ay maraming gawain ng pamahalaang pambasa at lokal ang natigil, tulad ng dati ay produktibong sektor ng kabuhayang pambansa. Maraming negosyante at industriyalista ang tumigil o nagsara ng mga negosyo. Maraming pagbabawal ang ipinatupad na ikinagalit ng mga makabayang Pilipino, kasapi ng media at lalo na ng mga katunggali ng Pangulo sa pulitika, tulad nina Benigno "Ninoy" Aquino Jr., Joaquin " Chino" Roces, Jose Diokno at iba pa.

Sa ilalim ng batas militar ay isinulong ang konsepto ng isang Bagong Lipunan, na naglalayong mapanatili ang kapayapaan at katiwasayan, pagpaparami ng pagkain, pagpapagawa ng tulay, daan, paaralan, ospital, paliparan, at mga patubig sa sakahan. Isinulong din ang pagpapaunlad sa sining lalo na sa musika at pagpipinta, at naitayo ang *Cultural Center of the Philippines.*

Nagwakas ang pamamahala ni Pangulong Marcos at naging pangulo ng Pilipinas sina, Gng.Corazon Aquino, Fidel Ramos, Joseph Estrada, Gloria Macapagal –Arroyo at si Pangulong Benigno Simeon Aquino III.

Sa mga panahon ng pamamahala ng mga nabanggit na pangulo ay patuloy ang pakikipag-ugnayan at magandang relasyon ng Pilipinas sa iba't ibang bansa. Sa kabila ng magagandang ugnayang ito masasabi na napakabagal pa rin ang pagsulong ng kabuhayan sa bansa. Ito ay nangangahulugan lamang na ang pag-unlad ng isang bansa ay nakasalalay, hindi sa tulong lamang ng ugnayang panlabas kundi sa ugnayang panloob. Higit na mahalaga ang relasyon ng mga Pilipino sa isa't isa at ang malakas at matapat na liderato ng mga namumuno sa ating pamahalaan at bayan.

**Mga Sangay ng Pamahalaan**

1. **Sangay na Tagapagpaganap**

Tungkulin ng sangay na tagapagpaganap na ipatupad ang mga batas ng bansa. Ang pangulo ang punong tagapagpaganap at pinuno ng Republika. Tuwirang inihalal ng taumbayan ang Pangulo at Pangalawang Pangulo para sa apat na taong panunungkulan. Maaaring ihalal na muli ang Pangulo para sa panibagong apat na taong panunungkulan. Maari lamang mahalal ang isang Pilipino bilang Pangulo o Pangalawang Pangulo ng bansa kung isa siyang katutubo o likas na mamamayan ng Pilipinas nang hindi kukulangin sa sampung taon bago ang halalan.

Hinirang ng Pangulo ang mga kalihim ng iba't ibang kagawarang tagapagpangap. Ang komisyon sa Paghirang ang nagpapatibay sa mga kalihim na itinalaga ng Pangulo. Binubuo ang kapulungan ng mga kinatawan.

2. **Sangay na Tagapagbatas**

Bilang sangay na tagapagbatas ng bansa, pinagkalooban ng Saligang Batas ng 1935 ang Kongreso ng Pilipinas ng karapatang gumawa, bumuo, at magpatibay ng mga batas. Binubuo ang Kongreso ng dalawang kapulungan- ang senado at ang kapulungan ng mga Kinatawan. Binubuo ang Senado ng 24 na senador na halal ng mga mamamayan. Anim na taon ang haba ng panunungkulan ng walong senador na nakatanggap ng pinakamaraming boto. Ang susunod na walong senador ay papalitan tuwing ikaapat na taon ng panunungkulan at ang huling walo, tuwing ikalawang taon.

Binubuo naman ang kapulungan ng mga kinatawan ng 107 mambabatas. Maaring madadagdagan ang bilang na ito nang hindi hihigit sa 120. Mga botante ng distrikto o purok ang naghahalal sa mga mambabatas na ito. Apat na taon ang haba ng panunungkulan nila.

Ang isang kakandidato sa kapulungan ng mga kinatawan ay dapat na katutubo o likas ang pagkamamamayang Pilipino, hindi babata sa 25 taong gulang, rehistradong botante, at nanirahan sa distrito o purok kung saan siya napili nang hindi kukulangin sa isang taon bago naghalalan. *Sesyon* ang tawag sa mga pulong ng kongreso. Nagdaraos ng isang regular na sesyon sa isang taon.

**3. Sangay Tagapaghukom**

Pinangungunahan ng Korte Suprema ang sangay na tagapaghukom. Nasa kamay ng sangay na ito ang kapangyarihang litisin ang mga kaso at gawaing labag sa batas.

Binubuo ang Korte Suprema ng punong mahistrado at sampung kasamang mahistrado. Hinihirang ng Pangulo ang mga hukom sa iba't ibang hukuman na may pagsang-ayon ng komisyon sa Paghirang. Makapanunungkulan ang mga hukom hanggang sa gulang na pitumpong (70) taon. Nararapat din na may mabuting pagkatao ang mga hihiranging hukom.



## Suriin

**Panuto**: Iguhit ang masayang mukha ☺ kung tama ang pangungusap na ipinahayag tungkol sa Ikatlong Republika at malungkot na mukha ☹ kung mali.

____ 1. Sa ilalim ng batas militar ay isinulong ang konsepto ng isang Bagong Lipunan.

____ 2. Binubuo ang senado ng dalawampu (20) na senador.

____ 3. Nagkaroon ng kaugnayan ang ating bansa sa Silangang Germany, Poland, Hungary at Romania.

____ 4. Ang sangay Tagapaghukom ang lumitis sa mga kaso at gawaing labag sa batas.

____ 5. Nagdaraos ng isang regular na sesyon sa loob ng dalawang taon.

____ 6. Ang Pangulo ang punong tagapagpaganap at pinuno ng Republika.

____ 7. Binubuo ang Korte Suprema ng punong mahistrado at sampung (10) kasamang mahistrado.

_____ 8. Ang sangay na Tagapagbatas ay gumawa, bumuo at magpatibay ng mga batas.

_____ 9. Sa panahon ni Carlos P. Romulo noong 1953, pinag-aralan ang ugnayan ng Pilipinas at United States.

_____ 10. Ang kahulugan ng "SEATO" ay *South East Authority Trade Organization.*



## Pagyamanin


**Gawain I.**

Panuto: Hanapin sa hanay **B** ang inilalarawan sa hanay **A.** Isulat ang letra ng sagot sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| ______1. Ito ang namamahala sa ugnayang panlabas. | a. pitumpu (70)taon |
| ______2. Ang patakarang ipinairal ng itinatag ang *South East Asia Treaty Organization* (SEATO) noong 1954. | b. Komisyon sa Paghirang |
| ______3. Siya ang nahalal na Secretary General ng United Nations noong 1949. | c. tagapaghukom |
| ______4. Samahan na itinatag ng Malaysia, Philippines, at Indonesia noong 1963 | d. *Department of Foreign Affairs* (DFA) |
| ______5. Ang punong tagapaganap at pinuno ng Republika. | e. MAPHILINDO |
| ______6. Ang nagpapatibay sa mga kalihim na itinalaga ng Pangulo | f. 107 mambabatas |
| ______7. Sangay na pinangungunahan ng Korte Suprema | g. sesyon |
| ______8. Bilang ng mambabatas na bumubuo ng kapulungan | h. Pangulo |
| ______9. Tawag sa mga pulong ng kongreso | i. Carlos P. Romulo |
| ______10. Edad na huling makapanunungkulan ang mga hukom | j. "Asia para sa mga Asyano" |

**Gawain II**.


Panuto: Gamit ang *Concept Map*, ibigay ang sangay ng pamahalaan. Kasunod nito isulat kung sino ang pinuno ng bawat sangay ng pamahalaan.




**Gawain III.**

Buuhin ang *timeline* sa ibaba. Ibigay ang mga pangyayaring naganap sa bawat petsang binigay.

## Pagsilang ng Ikatlong Republika





## Isaisip

Panuto: Suriin ang inilalarawan ng bawat pahayag. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

________1. Petsa na lumaya ang Pilipinas mula sa Amerikano.

_________2. Ito ang patakarang pinairal nang itinayag ang *South East Asia Treaty Organization* noong 1954.

_________3. Siya ang nagdeklara ng Batas Militar.

_________4. Ano ang kahulugan ng MAPHILINDO.

_________5. Sangay ng pamahalaan na gumawa at nagpatibay ng mga batas.

_________6. Tawag sa mga pulong ng Kongreso.

_________7. Sino ang punong tagapagpaganap at pinuno ng Republika.

_________8. Nagpapatibay sa mga kalihim na itinalaga ng Pangulo.

_________9. Siya ang nagpahayag ng kasarinlan ng Pilipinas.

________10. Sangay ng pamahalaan na nagpapatupad ng mga batas ng bansa.



## Isagawa

Panuto: Sumulat ng isang *reflection paper* o maikling sanaysay tungkol sa tanong na makikita sa ibaba.

Sa panahon ng pakikidigma sa pandemyang Covid-19, Paano ito natugunan ng pamahalaan?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
____________________.



## Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Kailan ipinahayag ni Harry S. Truman ang kasarinlan ng Pilipinas?
   A. Hulyo 4, 1946
   B. March 14,1947
   C. Hulyo 10, 1954
   D. Disyembre 25, 1951

2. Paano ipinahayag ang pagwawakas ng kapangyarihan ng Estados Unidos sa Pilipinas?
   A. Pagsagawa ng malawakang pagbabagong- tatag
   B. Ibinaba ang bandilang Amerikano at itinaas ang bandilang Pilipino
   C. Pag-aangat sa pagpapahalagang moral
   D. Pag-aangkop ng sistemang Amerika

3. Nang namatay si Roosevelt noong ika-12 ng Abril 1945, sino ang humalili sa kanya?
   A. John Hay
   B. Harry S. Truman
   C. Paul McNutt
   D. Bill Clinton

4. Sino ang nanungkulan bilang pangulo ng Komonwelt?
   A. Sergio Osmeña
   B. Manuel Roxas
   C. Benigno Aquino
   D. Manuel Quezon

5. Ang mga sumusunod ay mga sangay ng pamahalaan, **MALIBAN** sa:
    A. Tagapagpaganap
    B. Tagapagbatas
    C. Tagapaghukom
    D. Tagalitis
6. Ano ang tawag sa mga pulong ng kongreso?
    A. Sesyon
    B. Batas
    C. Republika
    D. Supremo
7. Bakit naging isyu ang mga base militar ng mga Amerikano noong panahon ng panunungkulan ni Carlos P. Garcia?
    A. Dahil sa kawalan ng suporta ng dalawang bansa.
    B. Dahil sa hindi pagkakaroon ng armas nuclear.
    C. Dahil sa di pagtaas ng bandilang Pilipino sa mga base at di-pantay na paggawad ng katarungan sa loob ng mga base military ng mga Amerikano.
    D. Dahil sa hindi pagkakasundo ng dalawang bansa bunga ng diskreminasyong natanggap ng mga Pilipino sa mga Amerikano.

8. Bakit itinatag ang Association of South East Asian Nations (ASEAN)?
    A. Upang matugunan ang kaibahan ng bawat bansang kasapi
    B. Upang mapatatag ang ugnayan ng bawat bansa
    C. Upang mapalawak ang programang kapayapaan
    D. Upang pagtutulungang pangkabuhayan at pangkultura ng mga bansang kaanib

9. Ano ang dahilan ng pagdeklara ng Batas Militar si Pangulong Marcos?
    A. Dahilan sa iba't ibang suliranin at kaguluhan dulot ng pagtuligsa ng maraming grupo laban sa pamahalaan
    B. Bunga ng pagkakasundo ng dalawang bansa na mapagtibay ang relasyon nito
    C. Upang mapalawak ang kakayahan ng mga Pilipino sa pakikipagdigma
    D. Bilang paghahanda ng mga militar sa ikatlong pandaigdigang digmaan

10. Ano ang sangay ng pamahalaan na pinangungunahan ng Korte Suprema?
    A. Tagapagpaganap
    B. Tagapagbatas
    C. Tagapaghukom
    D. Tagaliti

## Karagdagang Gawain

Sa kasalukuyan, magsaliksik ng mga taong bumubuo sa mga sangay ng pamahalaan
.

SANGAY NG PAMAHALAAN

| Tagapagpaganap | Tagapagbatas | Tagapaghukom |
| --- | --- | --- |
| | | |

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN**

1. Kempeitai
2. Gerilya
3. MAKAPILI
4. Mickey Mouse Money
5. HUKBALAHAP

**SURIIN**

☺ **1.**
☹ **2.**
☺ **3.**
☺ **4.**
☹ **5.**
☺ **6.**
☺ **7.**
☺ **8.**
☹ **9.**
☹ **10.**

**Pagyamanin**
**Gawain I**

d 1.
j 2.
i 3.
e 4.
h 5.
b 6.
c 7.
f 8.
g 9.
a 10.

**Pagyamanin**
**Gawain II**

Mga Sangay ng Pamahalaan

| Tagapaghukom | Tagapagbatas | Tagapagpaganap |
|---|---|---|
| Korte Suprema | Senado at ang kapulungan ng mga kinatawan | Pangulo<br>Pangalawang pangulo kasapi ng Gabinete |

**Isagawa**

Maaaring magkaiba ang sagot.

**Tayahin**

**1. A**
2. B
3. B
4. D
5. D
6. A
7. C
8. D
9. A
10. C

**Isaisip**

**1**. Hulyo 4, 1946
2. Asia para sa mga Asyano
3. Pangulong Ferdinand Marcos
4. Malaysia,Philippines, Indonesia
5. Tagapagbatas
6. Sesyon
7. Pangulo
8. Komisyon sa Paghirang
9. Harry S. Truman
10. Tagapagpaganap

Karagdagang Gawain

Maaaring magkaiba ang sagot.

Gawain III

| Hulyo 4, 1946 | Disyembre 15, 1954 | Hunyo 1961 |
|---|---|---|
| -ipinahayag ni Harry S. Truman ang kasarinlan ng Pilipinas | -ibinalik ng mga Amerikano ang Titulo ng pagmamay-ari Sa mga 199,570 Ektaryang saklaw ng base militar | -itinatag ang Association of South East Asian Nations (ASEAN) |

**Sanggunian**

Palu-ay ,Alvenia P. Makabayan: Kasaysayang Pilipino Batayang Aklat sa Heograpiya, Kasaysayan, at Sibika 5, Manila: G. Araneta Ave. Quezon City; LG & M Corporation (2010), 200-202.

Julian and Lontoc. Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino.Quezon City:Phoenix Publishing House, Inc. (2016),198-199.

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.